# LAGING HANDA, LIGTAS SA SAKUNA: ILANG PAALALA

*by:*
**Oyeth L. Marteja**
*Teacher II, Biaan Aeta Integrated School*

Nakamamangha ang talas ng pag-iisip ng bawat indibidwal na nasa likod ng pambihirang imbensyon na nakatutulong sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao. Sa mabilis na paglipas ng panahon ay kasabay din nito ang matulin ding pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya. Anomang modernong kaisipan ay nagkakaroon ng mataas na posibilidad na maging makatotohanan at maging realidad. Ngunit sa kabila nito, wala pa ring instrumento ang nalilikha sa pagtukoy kung kailan o saan tiyak na magkakaroon ng natural na penomena kagaya ng lindol. Bahagi ang Pilipinas sa tinatawag na Pacific Ring of Fire, kung saan ito ay napagigitnaan ng Pacific Plate at Eurasian Plate kaya naman madalas na makaranas ng mahihinang lindol ang ilang bahagi ng bansa. Ayon sa tala ng PHILVOLCS, karaniwang lumilindol ng limang (5) beses sa iba't ibang bahagi ng kapuluan ngunit ito'y hindi halos maramdaman dahil sa hina ng intensidad. Gayunpaman, ito ay isang sakunang mahalagang paghandaan ng bawat isa lalo ng mga ba maaaring maranasan habang ang mga ito ay nasa paaralan upang mapanatiling ligtas ang sarili sakaling magkaroon man ng malakas na paglindol. Narito ang ilang pag-iingat kaugnay sa lindol na dapat tandaan. Una, bago ang lindol ay makiisa sa mga isinasagawang pagsasanay para sa lindol o ang tinatawag na earthquake drill sa pangunguna ng paaralang iyong kinabibilangan. Mahalagang maging pamilyar sa mga plano sapagkat ito ang aktwal na gagawin sa pagkakataong maramdaman ang malakas na lindol. Iminumungkahi rin na mag-imbak ng pagkaing hindi madaling masira kagaya ng mga delata, tubig at mga gamot. Ikalawa, habang may lindol ay maging mahinahon kung nasa loob o labas man ng silid-aralan o gusali. Isagawa ang metodong Drop, Cover and Hold (DCH). Maupo o dumapa sa kinatatayuan at sumuklob sa matibay na mesa o silya at kumapit. Ito ay upang magkaroon ng seguridad mula sa bagay na maaaring

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan



depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

mahulog na maaaring magresulta ng aksidente. Ikatlo, pagkatapos ng lindol ay suriin ang sarili at ang paligid upang mataya ang pinsala. Matapos nito ay lisanin ang lugar at maghanda sa posibilidad na pagtama ng ilan pang mga aftershocks. Kung may kakayahan ay magbigay ng first aid sa mga nangangailangan. At ang huli ay alamin ang pinakabagong balita gamit ang telepono upang malaman ang estado ng lugar na iyong kinabibilangan. Sa mga hindi inaasahang pangyayari na kagaya nito mahalagang magkaroon ng ibayong paghahanda upang maiwasan ang anomang disgrasya. Mahalagang matuto ang bawat isa sa karanasan ng ibang bansa at sa kasaysayan na kung tutuusin ay maaaring maging gabay sa hinaharap. Sa panahon ngayon, ligtas ang may alam.

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan